



MGA KARAPATAN NG MGA BIKTIMA

Sa California, ang mga biktima ng krimen ay may katayuan at karapatan sa konstitusyon ng estado, na ginagarantiyahan na ang kanilang mga boses ay maririnig. Ang mga biktima ng krimen ay mayroon ding mga karapatan na naaayon sa batas.

Mga Karapatan sa Konstitusyon: Batas sa mga Karapatan ng mga Biktima ng 2008 – Batas ni Marsy (Marsy's Law)

Noong Nobyembre 4, 2008, inaprubahan ng Mamamayan ng Estado ng California ang Proposisyon 9, ang Victim's Bill of Rights Act of 2008 na kilala bilang Marsy's Law, isang hakbang na nag-amyenda sa Konstitusyon ng California upang maisama ang Bill of Rights para sa mga biktima ng krimen sa California. Ang pagbabago ay nagbibigay sa mga biktima ng mga karapatan at pag-access sa hustisya. Ang mga karapatang konstitusyonal na ito ay:

1. Ang tratuhin nang may patas at paggalang sa kanyang privacy at dignidad, at maging malaya mula sa pananakot, panliligalig, at pang-aabuso, sa buong proseso ng hustisyang kriminal o hustisyang pangkabataan.
2. Upang makatwirang maprotektahan mula sa nasasakdal at mga taong kumikilos para sa nasasakdal.
3. Upang isaalang-alang ang kaligtasan ng biktima at ng pamilya ng biktima sa pagtatakda ng halaga ng piyansa at mga kondisyon sa pagpapalaya para sa nasasakdal.
4. Upang maiwasan ang pagsisiwalat ng kumpidensyal na impormasyon o mga rekord sa nasasakdal, abogado ng nasasakdal, o sinumang ibang taong kumikilos para sa nasasakdal, na maaaring gamitin upang hanapin o guluhin ang biktima o ang pamilya ng biktima o na nagsisiwalat ng mga kumpidensyal na komunikasyon na ginawa sa panahon ng medikal o pagpapayo na paggamot, o na kung hindi man ay may pribilehiyo o kumpidensyalidad ayon sa batas.
5. Tumanggi sa isang kahilingan para sa panayam, deposisyon, o pagtuklas ng nasasakdal, abogado ng nasasakdal, o sinumang ibang taong kumikilos para sa nasasakdal, at magtakda ng mga makatwirang kondisyon sa pagsasagawa ng anumang naturang panayam na sinang-ayunan ng biktima.
6. Sa makatwirang abiso at makatuwirang makipag-ugnayan sa ahensya ng taga-usig, kapag hiniling, tungkol sa pag-aresto sa akusado kung alam ng tagausig, ang mga kasong isinampa, ang pagpapasya kung ie-extradite ang akusado, at, kapag hiniling, maabisuhan at mabigyan ng kaalaman bago ang anumang disposisyon ng kaso bago ang paglilitis.
7. Sa makatuwirang abiso ng lahat ng pampublikong paglilitis, kabilang ang mga paglilitis dahil sa delingkuwensiya, kapag hiniling, kung saan ang nasasakdal at ang tagausig ay may karapatang dumalo at sa lahat ng paglilitis sa parol o iba pang pagpapalaya pagkatapos ng hatol, at dumalo sa lahat ng naturang paglilitis.
8. Marinig, kapag hiniling, sa anumang paglilitis, kabilang ang anumang paglilitis dahil sa delingkuwensiya, na kinasasangkutan ng desisyon sa pagpapalaya pagkatapos ng pag-aresto, pagsamo, pagsentensiya, desisyon sa pagpapalaya pagkatapos ng

Para sa karagdagang impormasyon, pakibisita ang: <https://sfdistrictattorney.org/victim-services/>



MGA KARAPATAN NG MGA BIKTIMA

Sa California, ang mga biktima ng krimen ay may katayuan at karapatan sa konstitusyon ng estado, na ginagarantiyahan na ang kanilang mga boses ay maririnig. Ang mga biktima ng krimen ay mayroon ding mga karapatan na naaayon sa batas.

pagkakakulong, o anumang paglilitis kung saan pinag-uusapan ang karapatan ng biktima.

9. Para sa isang mabilis na paglilitis at mabilis at pangwakas na konklusyon ng kaso at anumang kaugnay na mga paglilitis pagkatapos ng hatol.
10. Upang magbigay ng impormasyon sa opisyal ng departamento ng probasyon na nagsasagawa ng imbestigasyon bago ang sentensiya hinggil sa epekto ng pagkakasala sa biktima at pamilya ng biktima at anumang rekomendasyon sa paghahatol bago ang paghahatol sa akusado.
11. Upang makatanggap, kapag hiniling, ng report bago ang hatol kapag makukuha na ng nasasakdal, maliban sa mga bahaging ginawang kumpidensyal ng batas.
12. Upang mabigyan ng impormasyon, kapag hiniling, tungkol sa hatol, sentensya, lugar at oras ng pagkakakulong, o iba pang disposisyon ng nasasakdal, ang nakatakandang petsa ng paglaya ng nasasakdal, at ang paglaya o pagtakas ng nasasakdal mula sa kustodiya.
13. Sa pagbabayad-pinsala.
 - a. Malinaw na layunin ng mga Tao ng Estado ng California na ang lahat ng taong dumaranas ng mga pagkalugi bilang resulta ng kriminal na aktibidad ay may karapatang humingi at kumuha ng restitusyon mula sa mga taong nahatulan sa mga krimeng nagdulot ng mga pagkalugi na kanilang dinanas.
 - b. Ang restitusyon ay dapat iutos mula sa nahatulang nagkasala sa bawat kaso, anuman ang sentensya o disposisyong ipinataw, kung saan ang isang biktima ng krimen ay nagtamo ng kawalan.
 - c. Ang lahat ng kabayaranang pera, at ari-arian na nakolekta mula sa sinumang taong inutusang magbayad-pinsala ay unang gagamitin upang mabayaran ang mga halagang iniutos bilang restitusyon sa biktima.
14. Sa agarang pagbabalik ng ari-arian kapag hindi na kailangan bilang ebidensya.
15. Mabigyan ng kaalaman tungkol sa lahat ng mga pamamaraan ng parol, makilahok sa proseso ng parol, magbigay ng impormasyon sa awtoridad ng parol na isasaalang-alang bago ang parol ng nagkasala, at maabisuhan, kapag hiniling, tungkol sa parol o iba pang pagpapalaya sa nagkasala.
16. Upang isaalang-alang ang kaligtasan ng biktima, pamilya ng biktima, at ng publiko bago gawin ang anumang desisyon sa parol o iba pang pagpapalaya pagkatapos ng hatol.
17. Upang mabigyan ng kaalaman tungkol sa mga karapatang nakatala sa mga talata (1) hanggang (16).

Para sa karagdagang impormasyon, pakibisita ang: <https://sfdistrictattorney.org/victim-services/>



MGA KARAPATAN NG MGA BIKTIMA

Sa California, ang mga biktima ng krimen ay may katayuan at karapatan sa konstitusyon ng estado, na ginagarantiyahan na ang kanilang mga boses ay maririnig. Ang mga biktima ng krimen ay mayroon ding mga karapatan na naaayon sa batas.

Mga Karapatan ng mga Biktima at Saksi ayon sa Batas

Ang mga biktima at saksi ng krimen ay may karapatan sa mga karapatang itinadhana sa ilalim ng Kodigo Penal, seksyon 679.02. Kabilang dito ang:

1. Maabisuhan sa lalong madaling panahon na ang paglilitis sa korte kung saan sila ay pinatawag na subpoena ay hindi matutuloy ayon sa nakatakdang iskedyul;
2. Upang humiling na ipaalam sa abogado ng taga-usig ang tungkol sa pinal na desisyon ng kaso;
3. Maabisuhan tungkol sa lahat ng proseso ng paghatol, mga pagdinig sa disposisyon ng mga kabataan, kabilang ang kanilang karapatang ipahayag ang kanilang mga pananaw;
4. Upang humiling na maabisuhan tungkol sa mga pagdinig para sa pagiging karapat-dapat sa parol at ang karapatang humarap at ipahayag ang kanilang mga pananaw;
5. Upang humiling na maabisuhan tungkol sa pagkakalagay ng bilanggo sa isang programa ng muling pagpasok o work furlough o sa pagtakas ng bilanggo;
6. Maabisuhan na ang isang saksi ay maaaring may karapatan sa mga bayarin at milyahe ng saksi;
7. Para sa isang biktima, mabigyan ng impormasyon tungkol sa karapatan ng biktima sa pagbawi sibil at ang pagkakataong mabayaran mula sa Restitution Fund;
8. Sa mabilis na pagbabalik ng ninakaw o nilustay na ari-arian kapag hindi na ito kailangan;
9. Sa mabilis na paglutas ng kasong kriminal;
10. Maabisuhan alinsunod sa batas kung ang nasasakdal ay ilalagay sa parol;
11. Kapag hiniling, maabisuhan tungkol sa anumang disposisyon ng kaso bago ang paglilitis;
12. Upang humiling na maabisuhan kung ang isang akusado ay nahatulan ng mga nakalistang pagkakasalang sekswal;
13. Kapag humiling ang isang biktima ng abiso tungkol sa pagkakahatol sa akusado sa mga inisa-isang pagkakasalang sekswal, dapat ipaalam ng sheriff sa biktima kung ang akusado ay inilagay sa probasyon at dapat bigyan ang biktima ng abiso ng iminungkahing petsa ng paglaya;
14. Upang maabisuhan tungkol sa pagkakaroon ng mga programa at proseso ng restorative justice na nakabatay sa komunidad na magagamit nila.

Para sa karagdagang impormasyon, pakibisita ang: <https://sfdistrictattorney.org/victim-services/>



MGA KARAPATAN NG MGA BIKTIMA

Sa California, ang mga biktima ng krimen ay may katayuan at karapatan sa konstitusyon ng estado, na ginagarantiyahan na ang kanilang mga boses ay maririnig. Ang mga biktima ng krimen ay mayroon ding mga karapatan na naaayon sa batas.